File
326

Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF BULALACAO

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

Municipal Building, Poblacion, Bulalacao, 5214, Oriental Mindoro
sbobulalacaoormin@gmail.com/09988546853

HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG IKA-LABING-ISANG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO NA GINANAP NOONG IKA- 11 NG DISYEMBRE, 2023 SA SANGGUNIANG BAYAN SESSION HALL

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| Kgg. Ramon G. Magbanua | Tagapamanihala ng Pulong |
| Kgg. Ederlino C. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Jess V. Sapungan | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Felix John C. Templanza | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Kieven E. Cantos | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Elpidio N. Contreras, Jr. | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Guillermo G. Salas, Jr. | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Joejie R. Narciso | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Enrico C. Villas | Pangulo, Liga ng mga Barangay |
| Kgg. Francis Dave C. Cantos | SK Federation President |

**HINDI NAKADALO:**

| | |
|---|---|
| Kgg. Edezer F. Aceron | Sangguniang Bayan Member - **Leave** |

x - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

## KAPASYAHAN BLG. 23-12-326

**PAGPAPAHAYAG NG TAUS-PUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI NG PAMAHALAANG BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO SA MGA NAULILA NI GINOONG DANILO CANJA EMPLEO NG BARANGAY MAUJAO**

May-Akda at Isponsor:
**Sangguniang Bayan Member GUILLERMO G. SALAS, JR.**
Chairperson, Committee on Good Government,
Public Ethics and Accountability

**"SAPAGKAT,** isang malungkot na araw ng Disyembre 9, 2023 ang nagtakdang huling sandali ni Ginoong Danilo Canja Empleo nang siya ay pumanaw na nagdulot ng labis na kadalamhatian sa kanyang pamilya, mga kaibigan, at mga kasamahan sa barangay;

**"SAPAGKAT,** siya ay naging isang butihing ama at mapagmahal na asawa, at ito ay mananatili na lamang bilang isang magandang alaala nang siya ay nasangkot sa isang nakakapanlumong aksidente at tuluyang binawian ng buhay sa edad ng 64 taong gulang;

**"SAPAGKAT,** si Ginoong Danilo Canja Empleo ay naging isang Barangay Kagawad mula taong 2002 hanggang taong 2005 at kalaunan dahil sa husay at dedikasyon sa trabaho ay naging PunongBarangay simula taong 2005 hanggang 2007, siya ay naging tapat sa kanyang tungkulin at naging pursigido sa kanyang layunin na maging kabahagi sa pagsasaayos, pagpapaganda, at pagpapaunlad ng Barangay Maujao;

CamScanner

**"SAPAGKAT,** ang buong Pamahalaang Bayan ng Bulalacao ay taus-pusong nakikiramay sa mga naulila at taimtim na nananalangin sa Panginoong Diyos na makapangyarihan sa lahat na pagkalooban ng buhay na walang hanggan ang kaluluwa ng yumao na si Ginoong Danilo Canja Empleo sa kanyang mapagpalang kaharian; Kung kaya't dahil dito…

**PINAGPASYAHAN PA GAYA NG GINAWANG PAGPAPASYA NA;** Magpahayag ng taus-pusong pakikiramay at pakikidalamhati ng Pamahalaang Bayan ng Bulalacao sa mga naulila ni Ginoong Danilo Canja Empleo ng Barangay Maujao,

**SA MUNGKAHI** ni Konsehal Guillermo G. Salas, Jr. na pinangalawahan ng lahat ng dumalo ang kapasyahang ito ay…

**PINAGTIBAY":** Disyembre 11, 2023 Bulalacao, Oriental Mindoro.

---

**KGG. EDERLINO C. ACERON**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. JESS V. SAPUNGAN**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. FELIX JOHN C. TEMPLANZA**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. KIEVEN E. CANTOS**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. ELPIDIO N. CONTRERAS, JR.**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. GUILLERMO G. SALAS, JR.**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. JOEJIE R. NARCISO**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. ENRICO C. VILLAS**
Pangulo, Liga ng mga Barangay

**KGG. FRANCIS DAVE C. CANTOS**
SK Federation President

**NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:**

**PERLITA L. PAZ**
Kalihim ng Sanggunian

**SINAKSIHAN:**

**KGG. RAMON G. MAGBANUA**
Pangalawang Punong Bayan/Tagapamanihala ng Pulong

**PINAGTIBAY:**

**KGG. ERNILO C. VILLAS**
Punong Bayan
Petsa ng Nilagdaan: Jan. 13, 2024

131223/PLP/admm

CamScanner